

ARALIN 29

1. Naniwala ba ang mga Israelita sa mga Salita ng Diyos na Kanyang sinabi kay Moises?

-Oo.

2. Kung hindi tayo naniniwala sa mga Salita ng Diyos, ano ang tawag natin sa Diyos?

-Isang sinungaling.

3. Ililigtas ba ng Diyos ang mga hindi naniniwala sa mga Salita ng Diyos?

-Hindi

4. Ano ang sinabi ni Faraon nang sabihin ni Moises na inuutusan siya ng Panginoon na palayain ang mga Israelita?

-Sinabi ni Faraon, “Hindi ko kilala ang Panginoon, at hindi ko pahihintulutang umalis ang mga taga-Israel.”

5. Alam ba ng Diyos na hindi papayag si Faraon na umalis sa Ehipto ang mga Israelita?

-Oo.

-Alam ng Diyos ang lahat bago pa man ito mangyari.

6. Bakit nagpasiya ang Diyos na ipakita ang kanyang dakilang kapangyarihan kay Faraon at sa mga Ehipsiyo?

-Upang malaman nila na Siya lamang ang tunay na Diyos.

7. Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang dakilang kapangyarihan sa mga Ehipsiyo at sa mga Israelita?

-Nagpadala ang Diyos ng malalaking salot kay Faraon at sa mga Ehipsiyo.

8. Ano ang mga salot na iyon?

-Ginawang dugo ng Diyos ang ilog.

-Nagpadala ang Diyos ng mga palaka upang guluhin ang mga

Ehipsiyo.

-Nagpadala ang Diyos ng mga niknik upang kagatin sa mga Ehipsiyo.

-Nagpadala ang Diyos ng mga langaw upang kagatin sa mga Ehipsiyo.

-Pinatay ng Diyos ang lahat ng hayop ng mga Ehipsiyo.

-Nagpadala ang Diyos ng mga pigsa upang magdulot ng matinding sakit sa mga Ehipsiyo.

-Nagpadala ang Diyos ng ulan na may yelo upang sirain ang mga pananim ng mga Ehipsiyo.

-Nagpadala ang Diyos ng mga balang upang kainin ang mga pananim ng mga Ehipsiyo.

-Nagpadala ang Diyos ng lubos na kadiliman upang hindi makakita ang mga Ehipsiyo.

9. Ano ang sinabi ni Faraon sa tuwing nagpadala ang Diyos ng salot?

-Sinabi ni Faraon kay Moises na pahihintulutan niya nang umalis ang mga Israelita.

10. Ano ang ginawa ni Faraon sa tuwing inalis ng Diyos ang salot?

-Tumanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

11. Bakit hindi pumasok ang mga salot na ito sa lupain ng mga Israelita?

-Dahil ipinangako ng Diyos iyon kay Abraham, Isaac, at Jacob.

-Pagpalain Niya sila, at gagawin silang isang dakilang tao.

-Dahil ipinakikita ng Diyos kay Faraon, sa mga Ehipsiyo, at sa mga Israelita na Siya lamang ang Diyos, at wala nang iba.

12. Ano ang mangyayari sa mga lumalaban sa Diyos?

-Lilipulin sila ng Diyos.

-Bagamat nagpadala ang Diyos ng siyam na kakila-kilabot na salot kay Faraon at sa mga Ehipsiyo, pinabayaan ba ni Faraon ang mga Israelita ng makalaya?

-Hindi.

-Alam ba ng Diyos na tatanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita?

-Oo.

-Mula pa noon alam ng Diyos na tatanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Bago pa man tinawag ng Diyos si Moises para pamunuan ang mga Israelita, alam na ng Diyos na tatanggi si Faraon na palayain ang mga Israelita.

-Alam ng Diyos ang lahat bago pa ito mangyari.

-Maaari bang makipaglaban si Faraon sa Diyos at manalo?

-Hindi.

-May makakalaban ba sa Diyos at manalo?

-Wala.

-Kahit ano pa ang sabihin ng mga tao, hindi nila mapipigilan ang gawain ng Diyos.

-Kahit anong gawin ng mga tao, hindi nila mapipigilan ang gawain ng Diyos.

-Kung ang Diyos ay nagpasiya na gumawa ng isang bagay, lagi Niyang itong tatapusin.

-Magpapadala ang Diyos ng isa pang salot, at pagkatapos ay pahihintulutan ni Faraon ang mga Israelita.

Basahin natin ang Exodo 11:1

11-Sinabi ng Panginoon kay Moises, “May isa pa akong salot na dadalhin sa Faraon at sa Ehipto. Pagkatapos nito ay papahintulutan niya kayong umalis dito. Kapag pumayag na siyang kayo’y umalis, kayo’y itataboy niyang papalayo.

-Ano ang huling salot na ipapadala ng Diyos?

Basahin natin ang Exodo 11:4-7

4-Sinabi ni Moises, “Ganito ang sinasabi ng Panginoon: Sa hatinggabi ay lalabas ako sa gitna ng Ehipto.

5-Lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto ay mamamatay, mula sa panganay ng Faraon na nakaupo sa kanyang trono, hanggang sa panganay ng aliping babaing nasa likuran ng gilingan, at ang lahat ng mga panganay ng mga hayop.

6-Magkakaroon ng malakas na panaghoy sa buong lupain ng Ehipto, na hindi pa nagkaroon ng tulad nito at hindi na muling magkakaroon pa.

7-Subalit sa bayan ng Israel, maging tao o hayop ay walang uungol kahit aso, upang inyong malaman na naglalagay ang Panginoon ng pagkakaiba sa mga Ehipcio at sa Israel.

-Ang huling salot ay papatay ng lahat ng mga panganay na anak at mga hayop ng mga Ehipsiyo.

-Dahil ang huling salot ay ang pinakakakila-kilabot, sinabi ng Diyos sa mga Israelita na maghanda para sa salot.

-Dahil ang huling salot ay ang pinakakakila-kilabot, ano ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita na gawin upang hindi mamatay ang kanilang mga panganay?

Basahin natin ang Exodo 12:1 & 3-5

1-Ang Panginoon ay nagsalita kina Moises at Aaron sa lupain ng Ehipto, na sinasabi,

3-”Sabihin ninyo sa buong kapulungan ng Israel: Sa ikasampung araw ng buwang ito ay kukuha ang bawat lalaki sa kanila ng isang kordero, ayon sa mga sambahayan ng kani-kanilang mga ninuno, isang kordero sa bawat sambahayan.

4-Kung ang sambahayan ay napakaliit para sa isang kordero, siya at ang kanyang malapit na kapitbahay ay magsasalu-salo sa isa ayon sa bilang ng mga tao; Gagawin ninyo ang pagbilang sa kordero ayon sa makakain ng bawat tao.

5-Ang inyong kordero ay walang kapintasan, isang lalaki na isang taong gulang; Inyong kukunin ito sa mga tupa o sa mga kambing.

-Ano ang iniutos ng Diyos sa bawat asawang lalaki ng bawat pamilyang Israelita na gawin upang hindi mamatay ang kanilang mga panganay?

-Pumili ng isang taong gulang na lalaking tupa o kambing.

-Anong uri ng tupa o kambing ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita na piliin upang hindi mamatay ang kanilang mga panganay?

-Isang walang depekto.

-Bakit iniutos ng Diyos na ang isang taong gulang na lalaking tupa o kambing ay walang depekto?

-Dahil perpekto ang Diyos.

-Dahil lahat ng sinasabi ng Diyos ay perpekto.

-Dahil lahat ng ginagawa ng Diyos ay perpekto.

-Tatanggapin lamang ng Diyos ang isang taong gulang na lalaking tupa o kambing na walang depekto.

-Hinding-hindi tatanggapin ng Diyos ang isang maysakit na alay.

-Hinding-hindi tatanggapin ng Diyos ang isang napinsalang alay.

-Naaalala mo ba ang lalaking tupa na nahuli sa mga sungay nito sa palumpong upang ihain sa halip na si Isaac?

-Bakit nahuli ang lalaking tupa sa pamamagitan ng mga sungay nito?

-Dahil perpekto ang Diyos.

-Dahil ang Diyos ay tatanggap lamang ng isang perpektong alay.

-Kung ang mga Israelita ay maliligtas mula sa kamatayan, ano ang dapat nilang pag-ingatang gawin?

-Sundin ang utos ng Diyos.

-At pumili lamang ng isang taong gulang na lalaking tupa o kambing na walang depekto.

-Ano pa ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita na gawin?

Basahin natin ang Exodo 12:6

6-Iyon ay inyong iingatan hanggang sa ikalabing-apat na araw ng buwang ito, at papatayin ng buong kapulungan ng kapisanan ng Israel ang kanilang mga kordero sa paglubog ng araw.

-Gaano katagal inutusan ng Diyos ang mga Israelita na alagaan ang tupa?

-Hanggang sa ikalabing-apat na araw ng buwan.

-Sa ikalabing-apat na araw ng buwan, ano ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita na gawin sa tupa?

-Inutusan ng Diyos na ang tupa ay dapat patayin.

-Inutusan ng Diyos na ang tupa ay dapat mamatay.

-Bakit iniutos ng Diyos na ang tupa ay dapat mamatay?

-Ito ay para ituro sa mga Israelita na ang parusa ng Diyos sa kasalanan ay kamatayan.

-Bago nagkasala sina Adan at Eba, walang kamatayan sa mundo.

-Dahil nagkasala sina Adan at Eba, dumating ang kamatayan sa mundo.

-Dahil nagkasala sina Adan at Eba, ang kamatayan ay dumarating sa lahat ng tao.

-Ano ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita na gawin sa dugo ng tupa?

-Saluhin ang dugo ng tupa sa isang mangkok.

-Kung ang mga Israelita ay maliligtas mula sa kamatayan, dapat silang maging maingat sa pagsunod sa utos ng Diyos.

-At patayin ang isang taong gulang na lalaking tupa o kambing, at ilagay ang dugo nito sa isang mangkok.

-Ano ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita na gawin sa dugo ng tupa sa mangkok?

Basahin natin ang Exodo 12:7

7-Pagkatapos, kukuha sila ng dugo, at ilagay sa dalawang haligi ng pinto at sa itaas ng pintuan, sa mga bahay na kanilang kakainan.

-Inutusan ng Diyos ang mga Israelita na ilagay ang dugo sa itaas at sa magkabilang gilid ng pintuan ng bahay kung saan sila kakain ng karne ng tupa sa gabing iyon.

-Ang dugo ng tupa ang magliligtas sa mga Israelita mula sa parusa ng Diyos.

-Kung ang mga Israelita ay maliligtas sa kamatayan, dapat silang maging maingat sa pagsunod sa utos ng Diyos.

-At ilagay ang dugo sa itaas at sa magkabilang gilid ng pintuan ng bahay kung saan sila kakain ng karne ng kordero sa gabing iyon.

-Ano pa ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 12:22b

22-[Sabi ng Panginoon] “Sinuman sa inyo ay huwag lalabas sa pinto ng kanyang bahay hanggang sa kinaumagahan.”

-Inutusan ng Diyos ang mga Israelita na manatili sa bahay na may dugo sa pintuan nito hanggang umaga.

-Ang mga Israelita ay dapat manatili sa loob ng bahay na may dugo sa pintuan.

-Bakit inutusan ng Diyos ang mga Israelita na manatili sa loob ng bahay na may dugo sa labas?

-Ang dugo sa labas ay upang itago ang mga Israelita sa loob.

-Ang pagkamatay ng tupa sa labas ay upang takpan ang mga Israelita sa loob.

-Kung ang mga Israelita ay maliligtas sa kamatayan, dapat silang maging maingat sa pagsunod sa utos ng Diyos.

-At manatili sa bahay na may dugo sa pintuan nito hanggang umaga.

-Ano pa ang iniutos ng Diyos sa mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 12:46b

46-[Sabi ng Panginoon] “Huwag ninyong babaliin kahit isang buto niyon.”

-Inutusan ng Diyos ang mga Israelita na huwag baliin ang alinman sa mga buto ng tupa.

-Kung ang mga Israelita ay maliligtas sa kamatayan, dapat silang maging maingat sa pagsunod sa utos ng Diyos.

-At huwag baliin ang alinman sa mga buto ng tupa o kambing.

-Sinabi ng Diyos sa mga Israelita na gawin ang lahat ayon sa Kanyang iniutos.

-Kung hindi ginawa ng mga Israelita ang lahat ng eksaktong iniutos ng Diyos, ano ang mangyayari sa kanila?

-Darating sa kanila ang salot, at mamamatay din ang kanilang mga panganay.

-Ililigtas lamang ng Diyos ang mga panganay ng mga Israelita kung gagawin nila nang eksakto ang lahat ng Kanyang iniutos.

-Ililigtas lamang ng Diyos ang mga panganay ng mga Israelita kung susundin nila ang pamamaraan ng Diyos.

-Pahihintulutan ba tayo ng Diyos na iligtas ang ating sarili sa sarili nating paraan?

-Hindi.

-Kaninong landas ang tanging landas na magliligtas sa atin?

-Pamamaraan ng Diyos.

-Ano ang nangyari nang sumunod sina Adan at Eva sa kanilang sariling pamamaraan at gumawa ng mga damit mula sa mga

dahon?

-Tinanggihan ng Diyos ang kanilang mga damit.

-Ano ang nangyari nang sundin ni Cain ang kanyang sariling pamamaraan at tumanggi na mag-alay gaya ng sinabi ng Diyos?

-Tinanggihan ng Diyos ang alay ni Cain.

-Ang landas ng Diyos ay ang tanging landas na magliligtas sa atin.

-Kung hindi natin tatahakin ang landas ng Diyos, tatanggihan tayo ng Diyos.

-Ano ang ipinangako ng Diyos kung susundin Siya ng mga Israelita?

Basahin natin ang Exodo 12:12-14

12-Sapagkat ako'y dadaan sa lupain ng Ehipto sa gabing iyon at aking pupuksain ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto, maging tao man at hayop; At ilalapat ko ang hatol laban sa lahat ng mga diyos ng Ehipto: Ako ang Panginoon.

13-Ang dugo ay magiging sa inyo'y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan; Kapag aking nakita ang dugo, lalampasan ko kayo at walang salot na papatay sa inyo, kapag pinuksa ko ang lupain ng Ehipto.

14-Ang araw na ito'y magiging sa inyo'y isang alaala, at inyong ipagdiriwang bilang pista sa Panginoon; Sa buong panahon ng inyong mga salinlahi ay inyong ipagdiriwang bilang isang tuntunin magpakailanman."

-Kung sinunod ng mga Israelita ang mga utos ng Diyos, ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin?

-Nangako ang Diyos na hindi darating sa kanila ang salot, at hindi mamamatay ang kanilang mga panganay.

-Sinunod ba ng mga Israelita ang Diyos?

Basahin natin ang Exodo 12:28

28-Ang mga anak ni Israel ay humayo at gayon ang ginawa; Kung ano ang iniutos ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, ay gayon ang ginawa nila.

-Ginawa ng mga Israelita ang eksaktong iniutos ng Diyos na gawin nila.

-Kung pipiliin ng isang Israelita ang isang tupang may sakit na ihahain, ililigtas ba siya ng Diyos?

-Hindi.

-Kung ang isang Israelita ay magtatali lamang ng tupa sa tabi ng pinto at hindi ito papatayin, ililigtas ba siya ng Diyos?

-Hindi.

-Ang tupa ay kailangang mamatay.

-Ang dugo ng tupa ay kailangang tumigis.

-Hindi nais ng Diyos na makalimutan ng mga Israelita na ang parusa ng Diyos para sa kasalanan ay kamatayan.

-Ano ang nangyari sa gabing iyon?

Basahin natin ang Exodo 12:29-30

29-Pagsapit ng hatinggabi, pinatay ng Panginoon ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Ehipto, mula sa panganay ng Faraon na nakaupo sa kanyang trono, hanggang sa panganay ng bihag na nasa bilangguan, at lahat ng panganay sa mga hayop.

30-Ang Faraon ay bumangon nang gabi, pati ang lahat ng kanyang mga lingkod at lahat ng mga Ehipcio; At nagkaroon ng isang malakas na panaghoy sa Ehipto sapagkat walang bahay na walang namatay.

-Namatay ang panganay na anak ni Faraon at lahat ng panganay na anak ng mga Ehipsiyo.

-Namatay ang panganay sa mga baka ni Faraon at lahat ng panganay sa mga baka ng mga Ehipsiyo.

-Pinatay ba ng Diyos ang lahat ng panganay ng mga Ehipsiyo gaya ng Kanyang sinabi?

-Oo.

-Ang parusa ng Diyos sa kasalanan ay kamatayan.

-Parurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan.

-Parurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan ng kamatayan.

-Kapag nagpasya ang Diyos na parusahan ang kasalanan, walang makatatakas.

-Napatay ba ang alinman sa mga panganay ng mga Israelita?

-Walang namatay.

-Bakit walang namatay sa mga panganay ng mga Israelita?

-Dahil ang mga Israelita ay sumunod sa Diyos at naglagay ng dugo sa mga pintuan ng kanilang mga bahay.

-Kung paanong ang lalaking tupa na walang kapintasan ay namatay bilang kahalili ni Isaac, gayon din ang mga tupang walang kapintasan ay namatay bilang kapalit ng mga panganay ng mga Israelita.

-Dahil sinunod ng mga Israelita ang Diyos, tinupad ba ng Diyos ang Kanyang pangako at nilagpasan ang mga tahanan ng mga Israelita?

-Oo.

-Naalala ng Diyos ang Kanyang pangako na pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto at paglaya sa pagkaalipin.

-Naalala ng Diyos ang Kanyang pangako na ipapadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ni Abraham at ng mga Israelita.

-Ang mga Israelita ay mga anak nina Adan at Eva tulad ng mga Ehipsiyo.

-Ang mga Israelita ay isinilang sa kasalanan tulad ng mga Ehipsiyo.

-Ang mga Israelita ay nagkasala at nararapat na mamatay tulad ng mga Ehipsiyo.

-Ang biyaya lamang ng Diyos ang nagligtas sa mga Israelita.

-Ang biyaya lamang ng Diyos ang magliligtas sa sinuman.

-Pagkatapos mamatay ng panganay ni Faraon at lahat ng panganay ng mga Ehipsiyo, ano ang ginawa ni Faraon?

Basahin natin ang Exodo 12:31-36

31-Kanyang ipinatawag sina Moises at Aaron nang gabi at sinabi, “Maghanda kayo, umalis kayo sa gitna ng aking bayan, kayo at ang mga anak ni Israel! Umalis na kayo at sambahin ninyo ang Panginoon, gaya ng inyong sinabi.

32-Dalhin ninyo ang inyong mga kawan at ang inyong mga baka, gaya ng inyong sinabi, at kayo’y umalis na; At idalangin ninyo na ako ay pagpalain!”

33-Pinapagmadali ng mga Ehipcio ang taong-bayan, at madaliang pinaalis sila sa lupain, sapagkat kanilang sinabi, “Kaming lahat ay mamamatay.”

34-Kaya’t dinala ng taong-bayan ang kanilang minasang harina bago ito nilagyan ng pampaalsa, na nakabalot pa ang kanilang mga pang-masa sa kani-kanilang damit at ipinasan sa kanilang mga balikat.

35-Ginawa ng mga anak ni Israel ang ayon sa sinabi sa kanila ni Moises; sila’y humingi sa mga Ehipcio ng mga alahas na pilak, mga alahas na ginto, at mga damit.

36-Binigyan ng Panginoon ang bayan ng biyaya sa paningin ng mga Ehipcio, kaya’t ibinigay sa kanila ang anumang hingin nila. Kaya’t kanilang sinamsaman ang mga Ehipcio.

-Nang gabing iyon, tinawag ni Faraon si Moises at pinayagang umalis ang mga Israelita.

-Akala ni Faraon ay kaya niyang lumaban sa Diyos.

-Inisip ni Faraon na kaya niyang labanan ang Diyos at talunin ang Diyos.

-Inisip din ni Satanas na kaya niyang labanan ang Diyos at talunin ang Diyos.

-Walang makatatalo sa Diyos.

-Walang makapipigil sa gawain ng Diyos.

-Ililigtas ng Diyos ang mga tumatahak sa landas ng Diyos.

-Sisirain ng Diyos ang mga tumatahak sa kanilang sariling landas.

Basahin natin ang Exodo 12:51

51-Nang araw ding iyon, kinuha ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa lupain ng Ehipto, ayon sa kanilang mga hukbo.

-Tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako at pinangunahan ang mga Israelita palabas ng Ehipto.

-Maaari bang makipaglaban si Faraon sa Diyos at manalo?

-Hindi.

-May makakalaban ba sa Diyos at manalo?

-Wala.